PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City 1108
Telephone: (02) 8361-9260; E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

LUPON NG MGA KADIWA
(BOARD OF TRUSTEES)
2023

Pangulo
Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Pangalawang Pangulo
Miriam Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Kalihim
Danielle P. Ochoa
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Ingat-Yaman
Henmar C. Cardiño
Unibersidad ng Santo Tomas

Mga Kasapi

Maryanne A. Abog
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/ Komisyon sa Karapatang Pantao

Hadji A. Balajadia
Pamantasang Ateneo de Davao

Ricardo A. Clores
Pamantasang De La Salle

Roberto E. Javier, Jr.
Pamantasang De La Salle

Argel B. Masanda
Central Luzon State University

Eda Lou I. Ochangco
Far Eastern University

Alicia Q. Tablizo
Our Lady of Fatima University-Antipolo

Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Ex-Officio
Jose Antonio R. Clemente
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Edmarie L. Clacio
Pangulo, TATSULOK

Sekretaryat
Kenneth Carlo L. Rives

Pangulong Tagapagtatag
Virgilio G. Enriquez (+)
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

27 Hulyo 2023

_____
_____
_____
_____

Mahal na _____:

Isang mainit na pagbati mula sa **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang **UP Diliman Departamento ng Sikolohiya**, isasagawa ng PSSP ang **Linangan 2023: Pambansang Workshop sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino** *online* sa **17-18 Agosto 2023**.

Ang pambansang workshop na ito, na pangungunahan nina **Prop. Jay A. Yacat** at **Prop. Charmaine P. Galano** ng UP Diliman Departamento ng Sikolohiya bilang mga tagapagsanay, ay magtatalakay ng teorya, metodo, at gamit ng sikolohiyang Pilipino. Sa ganang ito, inaasahan na ang mga guro ay magtataglay ng perspektibong nagmumula sa iba't ibang pagpapahalaga bunga ng/sa karanasan, kaisipan, at oryentasyong Pilipino. Ang kahalok ay magiging sistematiko at siyentipiko sa pagkuha ng kaalaman sa pamamagitan ng mga katutubong metodong aangkop sa karanasan ng mga Pilipino na nakatuon sa kultura, wika, diwa, pananaw, lipunan, at kasaysayang Pilipino. Sa pagtatapos ng workshop, ang kalahok ay inaasahang makapagpaplanong lumikha ng silabus at makapagsasagawa ng mga gawain sa kanyang klase na may kaugnayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahang dumalo o magpadala ng isa o higit pang kinatawan para sa seminar-workshop na ito. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php800** (kasapi)
- **Php900** (di-kasapi)

Maaaring magdeposito o magsagawa ng *online fund transfer* ng bayad sa aming **China Banking Corporation (Chinabank) Savings Account No. 114202018446 (Account Name: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)**. Paalala lamang na ibang bangko ang China Bank Savings, Inc. sa China Banking Corporation. Maaaring gamitin ang "NASPI" bilang alternatibong *account name* para sa *online fund transfer*. Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ng aming bangko ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat.

Ang lahat ng dadalo ay kailangang magpatala sa *online form*: **bit.ly/LinanganSP2023**. Maaaring magpatala hanggang **16 Agosto 2023** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon bago dumating ang araw na ito kapag napuno na ang 100 *slots*.

Umaasa kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

Dr. Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Pangulo, PSSP

/kclr09